

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
NEWS AND INFORMATION BUREAU**

**CABINET REPORT SA TELERADYO – COVID-19 SPECIAL
HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
WITH
DEPARTMENT OF TRANSPORTATION ASSISTANT SECRETARY GIOVANNI LOPEZ
JUNE 5, 2020**

SEC. ANDANAR: [Garbled audio] ang lahat ng klase ng mga sasakyan, naging problema ang transportasyon. Ang iba nagbibisikleta papasok sa trabaho habang ang iba naman ay naglalakad na lang. Malaking sakripisyo ito para sa ating mga kababayan at malaki ring hamon para sa Department of Transportation at sa attached [garbled] pa lang tayo ng GCQ at gusto na nating malaman ang naging assessment ng DOTr. Hindi kasi naiwasan may mga nadismaya habang naghahanap pa ng solusyon sa problema ng transportasyon.

Ang mabuti pa ay kausapin natin si Assistant Secretary Giovanni Lopez ng DOTr, siya ang Asec for Procurement and Project Implementation. Ipapaliwanag niya sa atin ang naging problema at gagawing remedyo sa transportasyon.

Magandang gabi po sa inyo, Asec. Lopez and welcome to the Cabinet Report sa Teleradyo.

ASEC. LOPEZ: Yes, sir. Magandang gabi po Secretary Andanar, sa inyong mga tagapakinig at tagasubaybay po.

SEC. ANDANAR: Magandang gabi din sa inyo, Asec. For over 2 months that NCR was under ECQ eh problema talaga ang transportation para sa frontliners o mga kailangang pumasok sa trabaho, mga mamimili sa palengke o groceries dahil nga bawal ang public transport. Ngayong naka-GCQ na tayo, iilan lang ang pinayagang bumiyaha pero balik-trabaho na ang karamihan sa mga kababayan natin. Nakita po naman natin all over the news ang naging kalbaryo ng commuters, bakit po nagkaganoon Asec.?

ASEC. LOPEZ: Salamat po Secretary Andanar 'no sa pagkakataon na para kami po ay magbigay-liwanag at impormasyon sa ating mga kababayan. Una po 'no, ang plano po kasi ng Kagawaran ng Transportasyon po 'no, ang ating approach sa ating public transportation ay gradual, calculated, partial at limited. Bakit ho ganito ang ating approach 'no?

May apat po na kadahilanan para po sundin natin ang ganitong approach. Ang una pong rason ay nasa kuwarantina pa rin ho tayo, nasa GCQ tayo. Ang pangalawang rason po ay nakiusap na rin po tayo sa ating mga employers 'no, sa ating mga kasamahan sa pribado na kung kaya nilang magbigay ng shuttle, magbigay po sila ng shuttle service. Ang pangatlong rason po ay

sinusunod pa rin po natin ang work-from-home at skeletal workforce, at itong pangalawa at pangatlong rason ay nagbigay na po ng abiso ang DTI at DOLE para dito.

Ang pang-apat na rason po ay pati ho iyong ating mga lokal na pamahalaan dito sa Metro Manila ay sinusuportahan po at nagbibigay-rekomendasyon na wala pong mga bus at saka jeepney sa ating lansangan.

So ang ginagawa po ng Kagawaran ng Transportasyon ngayon sir 'no, tinimbang natin: transportasyon ba o ang kalusugan, kaligtasan at kalagayan ng ating mga kababayan.

SEC. ANDANAR: Dahil sa dami ng nadismaya at nahirapan, ano po ang naging assessment ninyo sa unang linggo ng GCQ at ano naman po ang nakikita ninyong solusyon para maibsan man lang ang hirap na dinanas ng ating commuters?

ASEC. LOPEZ: Salamat po, Secretary 'no. Noong nakaraang Lunes po 'no, sa sektor po ng riles, nakita natin na may maayos po na sistema 'no, kaso lang may mga ilang lugar sa atin dito, nakita natin na may stranded commuters 'no. At ang plano naman ho dito, kaya nga po natin sinasabing gradual and calculated, noong nalaman ho ng ating mahal na Kalihim, si Kalihim Tugade na may mga stranded na commuters 'no, inatasan niya ho kaagad ang DOTr Road Sector at ang ating LTRFB upang ho maglunsad ng additional routes 'no.

Ngayon ho, noong araw ding iyon 'no naglunsad tayo ng ruta galing sa Angat all the way to Quezon Avenue at babagtasin po nito ang Fairview at Commonwealth 'no. Ganoon din ho, nalaman natin na may mga stranded nating mga kababayan sa gawing Cavite. Naglunsad din tayo kaagad ng ruta from Dasmariñas papuntang PITX, papuntang Roxas Boulevard.

Ano po ang sinasabi natin dito? Ang sinasabi po natin dito, ang inyong DOTr, ang inyong Kagawaran ng Transportasyon at ang inyong LTRFB at Road Sector, we adjust accordingly and appropriately and right away depending on the situation on the ground. Sa kasalukuyan ho, naglabas na po tayo noong walong karagdagang ruta po sa Metro Manila.

SEC. ANDANAR: Dalawang linggo bago ang itinakdang araw kung saan papayagan na bumiyahe ang ilang pampublikong sasakyan. Paano po tayo tutulong sa problema ng commuters kung ang mga employer nila ay wala talagang mai-provide na sasakyan para sa mga empleyado nila?

ASEC. LOPEZ: Tama po Sec. 'no, kaya nga po ang ginagawa namin ngayon 'no, sinusuri talaga namin ang lagay sa lansangan. Unti-unti po kaming magde-deploy at maglalabas ng ruta. Ano ba ang sinasabi natin ngayon? Ang public transportation natin lalo na sa Road Sector po nahahati sa dalawang yugto: iyong sinasabi nating Phase 1 at Phase 2. Iyong unang yugto ay magtatagal nang tatlong linggo 'no, by June 22 papayagan na natin iyong mga PUVs, UV Express and modern jeepneys.

Pero the situation right now calls for additional routes. Ang sinasabi po natin ngayon, gradual na po natin ilalabas ang mga ruta at asahan po nila, pagdating ho ng June 22, nakumpleto na natin nailabas ang lahat ng ruta. Iyan po ay isang pamamaraan ho na para mabalanse natin ang kalusugan at kalagayan ng ating kababayan at ang kailangan nilang transportasyon.

SEC. ANDANAR: Ang mga biyaheng tren naman, alam natin na hindi na katulad ng dati na halos eh magkapalit ng mukha ang mga pasahero sa sobrang dikit-dikit po ng mga pasahero. Ano rin po ang solusyon ninyo bukod sa P2P?

ASEC. LOPEZ: Ang ginagawa po natin ngayon sa ating mga linya ng tren ‘no, maliban sa PNR, naglagay ho diyan si Secretary Tugade ng ating tinatawag na bus augmentation. Ito po ay karagdagang sakay para ho mas matulungan natin ang ating mga kababayang tumatangkilik ng ating mga riles ‘no. Actually to augment, supplement the capacity of our rail lines ‘no. Pagdating ho dito sa EDSA, makikita natin na may dedicated lanes iyan ‘no.

So itong bus augmentation, para ho kung kayo po ay gustong sumakay papuntang Ayala at Taft Avenue, puwede na ho kayong sumakay ng bus. At kami na ho, sinubukan ng Road Sector natin by 20 to 25 minutes ho, from North Avenue makakarating na ho kayo sa Ayala or Taft Avenue. Ganiyan din po ang ginawa natin sa ating Line 1 and Line 2, mayroon ho tayong bus augmentation po diyan.

SEC. ANDANAR: Mula sa land transportation, tumungo naman tayo sa biyaheng panghimpapawid. Marami rin tayong mga kababayan na natengga dito sa Metro Manila dahil sa mga nakanselang flight dahil sa ECQ. Gumastos po ang karamihan sa rebooking pero hindi pa rin sila makabiyahe at natulog pa sa airport. Ano naman po ang solusyon natin together with the airlines?

ASEC. LOPEZ: Ganito po iyon sir ‘no, ang ating mga paliparan handang-handa na po tayo. Ang ating mga airlines, sabi nga nila they’re very eager to go back to business and to do service to their patrons ‘no. Ngayon po, mayroon tayong close coordination/ugnayan sa ating mga lokal na pamahalaan ‘no, kasi nga ho hanggang hindi pumapayag ang ating lokal na pamahalaan, hindi ho natin puwedeng payagan ang regular domestic flights.

Sa awa ng Diyos naman po, mayroon na tayong labing apat na lokal na pamahalaan na handa na rin sila na tanggapin ang mga domestic flights galing ho sa iba’t ibang lugar, GCQ to GCQ. Sa CAB naman po, gagawa tayo nang tamang abiso para ho iyong mga ating pasahero ‘no, bago ho sila bumili ng kanilang mga ticket ‘no, ng kanilang mga airline tickets, masiguro po nila na iyong lokal na pamahalaan na kanilang uuwian ay tatanggapin po sila. So these are one of the ways po para matulungan natin ang ating mga air passengers po.

SEC. ANDANAR: At mula diyan ay pagtuunan naman natin ng pansin iyong gaano ba kalaki iyong pagkalugi ng mga airlines, ng mga bus companies? I’m sure itong mga operators ay kumu-contact din sa inyo, siguro nakakausap ninyo iyong iba. On an industry scale, talagang namimiligro po ba ang airline industry sa bansa natin?

ASEC. LOPEZ: Tama po sir. Sec, noong panahon pa ng ating Modified ECQ 'no, may mga pagpupulong na ho tayong ginawa kasama ang mga air sector 'no natin, pati iyong mga nasa air business kasama ang ating Kongreso at dinulog po natin sa Kongreso ang kanilang problema at ito naman ay napapaloob ngayon sa ating sinasabi na Stimulus Act or Stimulus Bill kung saan talagang the Congress recognized the efforts and the plight of our air community ngayon, pati ho iyong tsuper natin at saka mga operators natin dahil sa pandemya.

Ngayon po, maglalaan po ang ating Kongreso na ayon po sa bill, iyon pong nakalagay, maglalaan sila ng a certain amount para po matulungan natin ang aviation sector natin, pati ang mga road sector natin, ang mga tsuper at operator na talagang apektado ho dito sa pandemya.

SEC. ANDANAR: Ito ay problema na hindi lang sinusuong ng Pilipinas kundi ng buong mundo. Sa tantiya ninyo, sa inyong estimate Asec. Lopez, mga ilang buwan pa bago maka-recover itong airline industry, bus industry, maritime industry?

ASEC. LOPEZ: Sa tingin po namin 'no, conservatism po. Sa tingin namin, unless we open our gates 'no at ngayon nga po we don't allow foreigners except for diplomats 'no. Ngayon nga po may mga agam-agam ang ating mga kababayan para bumiyaha.

Sa tingin ho natin, aabot pa ito sa mga last quarter of this year, by that time. Iyon din po ang mga basa ng ating mga kasamahan, mga pribadong sektor nasa larangan ng aviation 'no, iyon din ang basa nila na hopefully by the last quarter of this year baka unti-unti na ho silang makabangon sa tulong ho ng gobyerno.

SEC. ANDANAR: Yes, iyan po ay talagang pinagdarasal natin dahil alam naman po natin na kung ang mga empleyado, kung ang ating labor sector ay apektado rin, eh sino naman ang sasakay sa eroplano? Sino rin ang sasakay sa barko kung wala silang maayos na trabaho? So ito'y kawing-kawing talaga kaya we really have to work together para masolusyunan natin itong problema natin sa ekonomiya.

Huwag po kayong aalis dahil marami pa tayong mga katanungan para kay Atty. Lopez, kay Asec. Lopez sa pagbabalik po ng Cabinet Report sa Teleradyo.

[COMMERCIAL BREAK]

Nagbabalik po ang Cabinet Report sa Teleradyo, a COVID-19 Special kasama pa rin po natin si Assistant Secretary Giovanni Lopez ng DOTr.

Attorney, pagtuunan po natin ng pansin ang mga biyahe ng mga barko maliit man o malaki. Twelve seaports pa lang ang binuksan para sa ilang makakauwi sa kanilang mga probinsya. Paano rin po ang gagawin sa mga nakapilang booking ng mga pasahero?

ASEC. LOPEZ: Ngayon po ‘no, nakikipag-ugnayan po tayo sa MARINA pati ho sa ating PPA ‘no. Kailangan nating kausapin iyong mga may-ari din ng barko if they can do the necessary adjustments ‘no. Ang kailangan lang po kasi ngayon ‘no, sinasabi nga natin na handa na ho ang ating mga pantalan. Ang kailangan lang talaga ngayon ho para po masimulan natin ang ating mga inter-island travel ay ang pakikipagtulungan o ugnayan sa ating local government para po sa ganoon masimulan na rin ho natin talaga ang ating ekonomiya at ito po ay isang paraan po na masimulan natin ang ekonomiya ay kung may mobility ng hindi lang ho ng mga goods and cargos, pati na rin ho ng mga pasahero.

SEC. ANDANAR: Sinabi kahapon sa Palasyo na kailangan dagdagan ang mga bus routes para maibsan ang hirap na dinaranas ng mga pasahero. Ano po ang nangyari sa pulong ng LTFRB sa bus operators para sa deployment ng kanilang mga bus?

ASEC. LOPEZ: Ngayon po naglabas na po tayo mula ho noong June 1, naglabas na po ng karagdagang walong ruta ang ating LTFRB. Nakikiusap na rin ho tayo sa ating mga operators ‘no, kasi itong mga rutang nilabas natin, it’s one thing issuing the routes, it’s another thing for the bus operators actually deploying their buses.

Pero may mga pakiusap ang ating mga operators kasi kailangan din nila sundin at sundan ang panuntunan ng ating IATF especially for social distancing, the marking at iyong mga kailangang gawin para ho sa kaligtasan ng ating mga pasahero.

So constant communication, tuluy-tuloy pa rin ho ang pakikipag-ugnayan natin sa ating mga operators. Nasimulan na nilang mag-deploy ng kanilang mga buses. Sa kasalukuyan nga po ngayon ‘no, may pagpupulong sa LTFRB para madagdagan pa natin ang ating mga ruta at hinihikayat pa natin ang ating mga operators na maglabas nang maglabas ng maraming bus na naaayon naman sa numero ng nasa ruta natin.

SEC. ANDANAR: Mayroon pong mga pasahero ng bus na lumapit po sa akin, in fact, kahapon, mga pauwi ng Kalinga. Pero nahirapan silang kumuha ng permit na makabiyaha iyong mga pasahero; permit para iyong bus ay payagang bumiyaha ng LTO, ng LTFRB at para palusutin doon sa mga checkpoints ng pulis. Ano po ba talaga ang proseso dito, Asec. Lopez, para hindi po mahirapan iyong mga pasahero kung nandiyan naman iyong bus, ang kailangan lang ay permit?

ASEC. LOPEZ: Tama po ano. Sa ganito po kasing sitwasyon para po iyong tinutukoy ninyo—salamat pala, Secretary Andanar, at kayo po ay tumulong doon sa Province of Kalinga ‘no. Nakikipag-ugnayan din ho ako sa inyong opisina ‘no. At gusto ko lang sabihin ho na naibigay na natin kagabi iyong special permit niyan.

Ito po kasi ay mga biyaheng para sa locally stranded individuals. Kapag locally stranded individuals po kasi tayo, kailangan ho ng mga dokumento bago kayo maka-travel o makabiyaha tulad ng medical certificate at kailangan din ng travel authority.

Now, kapag mayroon naman na ho iyan at kumpleto na iyan, maaasahan naman ninyo at makakaasa kayo na pagdating sa LTFRB at DOTr agaran ho naming ibibigay ang special permit. Ang kailangan lang ho namin dito ay malalaman din ng ating receiving LGU na may darating sa kanila na kanilang mga kababayan.

So ito lang po, hindi po mahirap ang pag-a-apply ng special permit. Pero ho kailangan lang nating kumpletuhin ang ating mga dokumento kasi ito po ay rekwesitos ng ating IATF.

SEC. ANDANAR: Ako po ay nagpapasalamat sa inyong tanggapan, Asec. Lopez, sa mabilis na aksyon at nakauwi na nga iyong ibang pasahero ng bus na iyon na papuntang Kalinga. And I believe, this is an ongoing effort between my office and your office para matulungan iyong ating mga locally stranded individuals.

Pinag-aaralan na rin daw ng pamahalaan ang posibilidad na pagbibigay pa ng pangatlong buwang ayuda para sa jeepney drivers dahil hanggang ngayon ay hindi pa sila nakakapasada. Ano po ba ang posibilidad na mabigyan sila ng dagdag na tulong?

ASEC. LOPEZ: Kami po, pagdating sa Kagawaran ng Transportasyon, Secretary, mahal na Kalihim, eh pabor po kami diyan. Pabor po kami na itong mga ayuda ay talaga pong makarating at mabigyan natin ang ating mga tsuper at ating mga operators, mas lalo na iyong ating mga tsuper 'no. Alam natin, 'di lingid sa ating kaalaman na itong mga tsuper ay most of them, if not all, they belong to really lower class of the society. And this is one way, ito po ay isang pamamaraan na mapakita ng ating gobyerno na sa mga panahong ito kami ay may malasakit at naiintindihan namin ang inyong obligasyon. At ang obligasyon ng pamahalaan ay tulungan ho talaga kayo.

Ngayon po maidagdag ko lang po, Kalihim, pagdating ho sa LTFRB at saka sa Kagawaran ng Transportasyon, naisumite na po namin lahat ng listahan ng tsuper at operator na sa tingin namin ay nangangailangan at kailangang tulungan. Naibigay na po namin sa DSWD at kami po ay talagang nakikipag-ugnayan po sa DSWD para mabigyan naman po lahat ng mga ito.

SEC. ANDANAR: Ano po iyong program mayroon ang DOTr with MMDA at iyong mga ahensiya na mayroon pong kinalaman at sakop po nila iyong trapik ng Metro Manila para mapagaan po ang kalbaryo ng ating commuters, hindi rin naman dapat makabigat sa daloy ng trapiko?

ASEC. LOPEZ: Tama po 'no. Talagang katuwang po natin mula pa noon, mas lalo na ngayon, ang MMDA pati na rin po ang DPWH. Ang isa pong inaayos namin---o dalawa na gusto ko pong sabihin na inaayos po ng Kagawaran ng Transportasyon kasama ang MMDA at ang DPWH, ito po iyong sinasabi nating EDSA Carousel. Ito po iyong paglalagay ng mga tamang imprastruktura, ng dedicated lanes, ng mga bus stops para po sa ating new normal.

Kung maaalala ninyo po noong Lunes, nakita po natin kung ano po ang aasahan natin pagdating ng araw, na ang mga bus na ho natin ay mamamasada na at bibiyahe na sa may bandang kaliwa 'no, sa bandang loob at hindi na sa bandang kanan. So kailangan nating lagyan ito ng mga tamang imprastruktura para ho sa kaligtasan ng ating mga travelers o mananakay.

Isa pa hong binibigyan namin ng pansin talaga at pinagtutulungan kasama ang MMDA at DPWH ay ang paglalagay po ng tamang bike lane, tamang imprastruktura sa ating mga bike lanes. Ito rin ay through the coordination with our respective LGUs ‘no. Tayo po ay talagang hinihikayat din natin ang LGUs natin na magbigay sila ng espasyo para sa ating bike lanes. Ito iyong tinatawag nating active ‘no, active mobility.

So ito po iyong mga proyekto na ginagawa natin, gagawin natin, at sana sa mas madaling panahon ay mailatag na po natin at para naman po kahit papaano ay guminhawa ang ating mga kababayan.

SEC. ANDANAR: Dito naman tayo, Asec. Lopez, sa jeepney modernization. Alam natin na ito ay very contentious issue. Mayroong mga gustong mag-modernize na dahil gusto nila mas greener or mas cleaner ang kanilang mga sasakyan in terms of emission. Gusto nila electric na at mayroon din namang malaking porsiyento rin ng ating mga operators na luma pa iyong mga jeepney. Sa panahon po ba ng pandemya, ngayon na tayo ay naghihirap, itutuloy pa rin po ba ang mabilis sana na jeepney modernization program?

ASEC. LOPEZ: Sec, lilinawin ko lang po. Iyong jeepney modernization program since 2017 pa po iyan. So that is, I think, three years ago. Talaga hong pinaplano na nating mag-modernize ng ating mga jeepney for various reasons ‘no, at ang pinakamatindi diyan ay iyong health and environmental reasons.

Ngayon po, may mga nagtatanong at may nagsasabi na puwede ba nating ipagpaliban ang ating jeepney modernization program dahil ho nasa pandemya tayo. At ang karagdagang tanong nila, ‘Kung puwede na ba kaming bumiyaha?’”

Lilinawin ko lang po ‘no, ito po iyong sinasabi natin: Ang unang-una hong hierarchy sa ating transportasyon, sa ating road sector at sa ating LTFRB, maliban sa tren ‘no, ang uunahin kasi po natin talaga are those public transportation takers with higher capacity – iyon talagang malalaki – iyong bus. Pangalawa ho diyan, siyempre nandiyan po iyong mga UV Express natin and modern jeepney.

Ngayon ho ang tanong, kung ang mga jeepney ho ba natin ay wala nang posibilidad at hindi na ho makakabiyaha? Ang sagot po diyan ay hindi naman po. Sinasabi lang natin, kung talaga hong na-deploy na natin lahat, nailatag na natin at naibigay na natin lahat ang mga ating pampublikong transportasyon at may kulang pa rin at kailangan pa rin natin ng karagdagang transportasyon, maaari po ‘no, maaari po nating payagan ang ating mga jeepney. Basta ho ang rekwesitos naman natin sa Kagawaran ng Transportasyon at LTFRB, dapat po ay roadworthy sila. And the road worthiness of the vehicle po applies to all the vehicles. Pangalawa, ay kaya naman nilang tuparin ang IATF rules pagdating sa social distancing.

So hindi po natin sinasabing agaran na hindi na ho sila makakabiyaha. Antayin lang po nating matapos ma-deploy lahat ang ating pampublikong transportasyon na naaayon sa hierarchy of

transportation. At kung may pagkukulang pa rin po at kinakailangan ay papayagan ho sila. Tulad ho ng mga nangyayari sa ating mga probinsiya, basta po road-worthy sila at kaya nilang gampanan ang patakaran sa social distancing.

ASEC. LOPEZ: At dito naman tayo sa isa pang mainit na isyu, iyong ating mga tricycle drivers. Mayroong isyu na hindi sila pinapabiyaha sa mga highways, mga main thoroughfares at marami ang nagrereklamo on both sides, ang both sides ay nagbabangayan. Ano po ba talaga ang stand ng ating Department of Transportation pagdating po sa mga TODA drivers, TODA drivers at kanilang mga tricycle?

ASEC. LOPEZ: Ano po, para sa kanila po iyong patakaran na hindi sila puwede sa national highway, nasa batas po iyan. Iyong configuration of their vehicle is not suited for national highways. Ibig sabihin ho, masyadong maliit iyong kapasidad ng kanilang sasakyan para ho bagtasin ang ating mga national highway. Maaari po sila sa ating mga feeder routes or mga kalsadang hindi national highway.

So kapag ipinagbabawal po natin iyan, hindi ho dahil sa gusto lang nating ipagbawal iyan. May batas ho tayong sinusundan diyan at until the law is amended, hanggang ang batas na iyon ay maamyendahan hindi ho natin puwede silang payagan para gamitin ang ating national road, para po mamasada sa ating national road. Sana ho maintindihan nila iyon, para naman po sa kabutihan nila iyon at sa kaligtasan po nila.

SEC. ANDANAR: ASec. Lopez, panghuling tanong na lang po. Ano po ba iyong mga realizations ninyo habang tayo ay nasa ilalim ng COVID-19 pandemic? Realizations in terms of transportation.

ASEC. LOPEZ: Ano po... ito po ang parating sinasabi ng ating Kalihim, si Kalihim Tugade. Noong nasa ECQ pa lang ho tayo, sinasabi niya na - habang nagpupulong kami - kailangan nating gawin lahat 'no na kahit na mandato man ng Kagawaran ng Transportation ay magbigay ng public convenience, public mobility through transportation. Pero higit sa lahat, sabi ng ating mahal na Kalihim, mayroon tayong obligasyon, responsibilidad na kailangan nating tulungan ang ating pamahalaan na mabawasan o talagang matanggal na itong COVID-19.

So, we have to do something more than just providing public transportation. Sabi nga niya, between transportation and health, health and transportation, that is the question.

Para po sa Kagawaran ng Transportasyon, ang nangingibabaw pa rin ho at sana maintindihan ng ating mga kababayan, ang nangingibabaw po sa amin ay ang kaligtasan, kapakanan at kalusugan ng ating mga kababayan.

Between convenience and public health and safety, Sec. Tugade believes and we do believe that our scales tip in favor of public and health and safety.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat po ASec. Giovanni Lopez sa pagbibigay linaw sa problema ng commuters na nagbalik-trabaho na. Sa inyong ahensya ay nakaatang po ang lahat ng biyahe by land, by air at by sea. Hindi po biro ang responsibilidad ninyo diyan at matinding aksyon ang kailangan ninyo po para hindi maperwisyo ang biyahe ng ating mga kababayan. Thank you so much for your hard work. Maraming salamat po muli, Atty. Lopez.

ASEC. LOPEZ: Secretary, maraming salamat po; and Sec. Tugade extends his regards po, humihingi po siya ng pasensiya at paumanhin at nasa pulong din po siya. Salamat po, Sec. Andanar.

SEC. ANDANAR: Mabuhay po kayo, sir!

ASEC. LOPEZ: Mabuhay kayo, sir!

SEC. ANDANAR: Ang oras po natin ay 7:48 in the evening. Magbabalik po ang Cabinet Report sa Teleradyo, huwag po kayong aalis.

[COMMERCIAL BREAK]

SEC. ANDANAR: Oras po natin ay 7:51 in the evening. Atin pong binabati sina Michael at Jeffrey na nanonood sa pamamagitan ng social media dito po sa PTV Facebook page. Maraming salamat po! At sa lahat ng nakatutok sa atin, maraming salamat!

Malalim ang ating diskusyon sa hinaharap ng ating transportation sector bagama't hindi naman 100% ang nagbalik-trabaho sa ilalim ng GCQ, paano pa kaya kung mag-MGCQ na?

Alam natin noon pa man ay malaki na ang problema sa kakulangan sa transportasyon, mas lalo na ngayon na kailangan ng social distancing.

Bigyan po natin ng pagkakataon ang DOTr na bigyang solusyon ang problemang ito pero hindi lang tayo dapat maghintay sa solusyon na iyan. Tayo rin mismo ay gumawa ng paraan para mapagaan ang ating sitwasyon sa bawat araw na tayo ay papasok sa trabaho.

Siyempre, dapat may work arrangement ang lahat ng kumpanya at mga ahensya para masunod ang health protocols ng pamahalaan at siyempre, para maiwasan kumalat pa ang COVID-19 virus.

Hindi natin gustong magkaroon ng second wave ng pandemyang ito. Kailangan na nating bumalik sa pagtatrabaho para makasulong na rin ang ating ekonomiya pero dapat pa rin tayong mag-ingat at sumunod sa guidelines ng pamahalaan at ng ating mga opisina.

Sa ngalan po ng bumubuo ng Cabinet Report sa Teleradyo dito po sa Radyo Pilipinas, ito po si Communications Secretary Martin Andanar.

Magandang gabi po.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)